
6

# Filipino

## Unang Markahan–Modyul 12: Angkop na Pamagat ng Talata




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q1_Filipino6_Module12

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino– Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 12: Angkop na Pamagat ng Talata**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Sheryl A. Luces | |
| **Editor:** | Abadesa D. Sabordo | |
| | Antonette S. Espora | |
| **Tagasuri:** | Marissa A. Olilang | Gemma A. Bimbao |
| | Celestino S. Dalumpines IV | |
| **Tagaguhit:** | Jonard A. Villarde | Swelyn E. Forro |
| **Tagalapat:** | Edwin C. Salanatin | Glen Dollete |
| **Tagapamahala:** | Gemma M. Ledesma | |
| | Salvador O. Ochavo, Jr. | |
| | Elena P. Gonzaga | |
| | Donald T. Genine | |
| | Celestino S. Dalumpines IV | |
| | Segundina F. Dollete | |
| | Shirley A. De Juan | |
| | Merlie J. Rubio | |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

# Filipino

## Unang Markahan–Modyul 12:
## Angkop na Pamagat ng Talata

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral at mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang salita upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ang ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na maging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumagamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makaranas ng suliranin pag-unawa sa mga aralin at sa paggamit ng SLM na ito.

## *Alamin*



**K**umusta kaibigan? Binabati kita dahil nakarating ka na sa bahaging ito ng ating paglalakbay. Muli ako si Kokoy ang iyong kaibigan na nakahandang gumabay sa iyo. Naghanda ako ng maraming gawain na tiyak ikatutuwa mo.

Tara na! Simulan na natin!

**A**lam mo ba, ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat batay sa iyong kakayahan? Makatutulong ito para mabatid mong maigi ang kaalaman tungkol sa pagbibigay ng angkop na pamagat sa binasa o napakinggang talata.

**N**gayon, ibang paksa na naman ang iyong pag-aaralan sa modyul na ito.
Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang/napakinggang talata **(F6PB-Ig-8)**

**K**ung handa ka na, simulan mo sa pagsagot sa gawain sa Subukin.

## *Subukin*

### Gawain 1

Basahin at unawain ang bawat talata at piliin ang angkop na pamagat nito. Isulat lamang ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Likas sa isang maliit na barangay ng Lomboy ang pagiging masigasig ng mga magulang upang mapaaral ang mga anak. Karamihan sa nakatira dito ay nagtatrabaho sa palaisdaan bilang tagabantay. Ang pagiging tagabantay ng isang palaisdaan ay nakasalalay ang ikinabubuhay ng mga taga-Lomboy. Sa kabila ng kahirapan sa buhay, sadyang pinaaaral ng mga magulang ang kanilang mga anak. Karamihan din sa mga pamilya dito ay kinabibilangan ng malalaking mag-anak na anim ang pinakamababa na bilang ng isang mag-anak. Kaya marami sa mga mag-anak dito ay nakapagtapos ng kanilang mga anak at naging matagumpay. Mayroon na silang guro, inhenyero, *accountant* at karamihan ay nagtatrabaho sa mararangal na opisina. Nabigyan ng parangal ang barangay na ito dahil tagumpay ng pamilya ay tagumpay din ng barangay.

   A. Ang Barangay Lomboy
   B. Ang Marangyang Barangay
   C. Ang Matagumpay na Barangay
   D. Ang Tagumpay ng Pamilya ay Tagumpay din ng Barangay

2. Sakay ng isang malaking bus ay tinungo ni Rita at ng kaniyang ina ang Capiz. Dumiretso sila sa isa sa mga kilalang lugar doon upang mamasyal at kumain. Pagkatapos ay binisita nila ang tanyag na simbahan sa Panay na kung saan makikita ang pinakamalaking kampana sa buong Asya. Tinungo rin ng mag-ina ang isang tanyag na restoran upang doon maghapunan. Tuwang-tuwa si Rita dahil sa wakas ay nakapamasyal na rin siya ng Capiz.

   A. Ang Capiz
   B. Si Rita at ang Ina
   C. Pagsakay ni Rita sa Bus
   D. Ang Pamamasyal ni Rita sa Capiz

3. Mahal na mahal ni Lowela ang kaniyang ama. Simula nang magkasakit ito ay siya na ang nag-aalaga. Ipinagluluto niya ng pagkain at sinusubuan. Siya na rin ang naglilinis sa kaniya dahil hindi na ito makagalaw. Nagbabasa rin siya ng kuwento sa ama upang malibang.

   A. Ang Kuwento ng Anak
   B. Ang Galit na Lowela sa Ama
   C. Kaligayahan ng Ama sa Anak

D. Ang Pagmamahal ng Anak sa Ama

4. Ang aklat ay nagbibigay ng iba't ibang impormasyon o kaalaman. Ang pagbabasa nito ay isang libangan. Kung tayo'y nagbabasa ng aklat, tayo'y dinadala rin sa iba't-ibang lugar o bansa. Hindi lamang ito nakpagdudulot ng aliw, nakapagpapayaman pa ito ng isipan. Ang lahat ng bagay ay matutuhan natin sa aklat.

A. Ang Aklat
B. Ang Pagkatuto
C. Ang Libangan Ko
D. Ang Pamamasyal

5. Napakahalaga ng Bitamina C sa ating katawan. Ito ay isang mahalagang nutriyento para sa mga tao. Ito ay tumutulong sa atin para maging ligtas sa sakit tulad ng ubo at sipon. Ang *ascorbate* o bitamina C ay umaasal din bilang *antioxidant.* Sinasabi rin na mapapalayo tayo sa sakit na Covid 19 kung tayo ay umiinom ng bitamina C o kumakain ng pagkaing may taglay nito tulad ng suha, kalamansi, dalandan, kamatis at iba pa araw-araw. Nagpapalakas din ito ng ating katawan. Maaaring maging sakitin at laging matamlay ang katawan ng isang tao kung kulang sa bitaminang ito.

A. Bitamina A
B. Bitamina C
C. Bitamina B6
D. Bitamina B12

## Gawain 2

Basahin mo ang talata sa ibaba. Ibigay ang angkop na pamagat. Isulat ito nang wasto sa sagutang papel.

1. Tahimik na bata si Louraine. Taimtim siyang nakikinig kapag binibigyan ng paalala ng nanay niya. Bata pa lang siya, makikita mo na sa kaniya ang pagiging maalalahanin at mapagmahal sa ina. Tuwing may kinakain siya, kaniya itong hahatiin at itatabi ang kalahati para sa ina. Kapag inuutusan, agad itong sumusunod at napakadaling turuan ng magulang. Madali siyang natututo lalong-lalo na sa mga magagandang asal.

Ang angkop na pamagat ng talata ay ________________

2. Isa sa pinakaimportanteng okasyon na ipinagdiriwang ng isang tao ay ang kaniyang kaarawan. Kinasasabikan ito lalo na ng isang bata sapagkat marami siyang natatanggap na regalo sa araw na ito. Ang pagsisimba ang pangunahing gawain ng taong may kaarawan. Mahalaga sa kaniya ang pasasalamat sa Panginoon sa mga biyayang natanggap at sa dagdag na buhay. Maraming masasarap na pagkain ang inihahanda para sa mga panauhin. May bitbit namang regalo ang mga bisita para sa may kaarawan.

Ang angkop na pamagat ng talata ay __________________

3. Isa sa tradisyon ng mga Katoliko ang pagdiriwang ng Flores De Mayo. Ito'y ginagawa sa buong buwan ng Mayo. Ang mga bata ay pumupunta sa simbahan tuwing hapon bitbit ang sariwang bulaklak upang ialay at pagpaparangal sa Mahal na Birheng Maria bilang tanda ng taglay na huwarang kalinisan at kabutihan. Noong unang panahon lahat ng mga bata ay nakadamit ng puti ngunit ngayon hindi na inoobliga ang mga batang magsuot ng puti. Maliban sa pag-aalay ng bulaklak ang mga bata'y tinuturuang magdasal at katisismo ng simbahang Katoliko. Pagkatapos ng pag-aalay at pagdarasal ng novena bibigyan ng libreng minindal ang mga bata. Sa katapusan ng araw ng Mayo may ginaganap na prusisyon ng poon ng Birheng Maria na sinusundan ng misa.

Ang angkop na pamagat ng talata ay ___________________

4. Aliw na aliw si Katrina sa kaniyang alagang aso. Dahil alaga sa pagmamahal at pagkain, ito'y malusog at masigla. Malalago pa ang kaniyang mga balahibong puti. Palaging niyayakap at nilalaro ni Katrina ang kaniyang alaga kaya ito'y mabait at maamo. Hindi na niya kinukulong ito sapagkat hindi naman ito lumalabas ng kanilang bakuran. Tuwing walang pasok sinasama ito ni Katrina sa kaniyang pamamasyal. Tuwing sila'y aalis ng bahay ang aso ang nagbabantay dito. Tuwang-tuwa ang buong pamilya ni Katrina sa kaniyang alagang aso.

Ang angkop na pamagat ng talata ay ____________________

5. Sampung taong gulang pa lamang si Clyza ay tumutulong na sa kaniyang ina. Maaga siyang gumigising upang ihanda ang mga sangkap na lulutuin ng kaniyang ina sa ilalakong turon. Inaayos din niya ang mga kagamitan bago umalis ng bahay. Sinesiguroo niyang maibenta lahat ng kaniyang paninda bago umuwi para may ipambili siya ng kanilang ulam. Siya ay isang matulunging bata.

Ang angkop na pamagat ng talata ay ___________________

# Aralin 1 Angkop na Pamagat ng Talata



Ang bawat talata ay binubuo ng ilang mga pangungusap ukol sa isang paksa. Ang bawat pangungusap na ito ay nakadaragdag ng impormasyon ukol sa paksa na tinutukoy sa buong talata. Ang mga pangungusap na bumubuo sa talata ay sama-samang nagbibigay liwanag sa isang paksang tinatalakay sa talata. Ang kabuoang diwang ito ay tinatawag na pangunahing diwa. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng pamagat.



## *Balikan*




Naranasan mo na bang magkaroon ng suliranin sa buhay? Paano mo ba ito hinarap? Nabigyan mo ba ng tamang solusyon? Sige nga, ibahagi mo ito sa akin sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong sa ibaba.

Magbigay ng dalawang problemang naranasan mo sa iyong buhay at sabihin kung paano mo ito binigyan ng solusyon.

| NARANASANG PROBLEMA | GINAWANG SOLUSYON |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |

## *Tuklasin*

Ano ba ang ginagawa mo ngayon sa panahon ng pandemya? Nag-iingat ka rin ba tulad ko? Para sa iyong sapat na kaalaman, basahin mo ang talata sa ibaba.



Basahin ang talata at unawain.





Ano ang paksang diwa ng talata?

- **Ang COVID-19 ay isang uri ng sakit na kumakalat ngayon sa buong mundo.**

Ano ang maaari mong maibigay na pamagat sa talata?

- **Ang pamagat ng talata ay: “Ang Sakit na COVID-19”**

Ang paksang diwa ng talata ay nakatutulong sa pagbibigay ng angkop na pamagat. May mga salita sa pamagat na sinimulan sa malaking titik tulad ng simula ng pamagat na **Ang** at mahahalagang salita tulad ng **Sakit** at **COCID-19**. Ang **na** ay hindi isinulat sa malaking titik dahil hindi ito mahalagang salita.

## *Suriin*

Pansinin na ang talata ay walang angkop na pamagat. Ano ang dapat isaalang-alang sa pagbibigay ng angkop na pamagat?





Ano ang paksang diwa ng talata?

- **Ang COVID-19 ay isang uri ng sakit na kumakalat ngayon sa buong mundo.**

Ang paksang diwa o pangunahing diwa ay ang pinakabuod ng mga pangyayari sa talata o kuwento. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya at nakatutulong sa pagpili ng angkop na pamagat.

Ano ang maaari mong maibigay na pamagat sa talata?

- **Ang pamagat ng talata ay: "Ang Sakit na COVID-19"**

Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan sa malaking titik tulad ng **Ang** at mahahalagang salita tulad ng **Sakit** at **COVID-19**. Ang **na** ay hindi isinulat sa malaking titik dahil hindi ito mahalagang salita. Ginagamit ang malaking titik sa mahahalagang salita sa pamagat ng talata o kuwento

Narito ang isa pang halimbawa. Basahin mo ang talata. Ibigay ang angkop na pamagat batay sa paksang diwa. Isulat ito nang wasto sa sagutang papel.

Maliit pa lamang si Shun ay makikitaan na ng magandang asal. Siya ay tumutulong sa kaniyang ina sa kaniyang munting paraan. Kapag nakikita niyang may ginagawa ang kaniyang ina ay nagpupursigi siyang tumulong. Tumutulong din siya sa paghahanda ng mesa, pagdidilig ng halaman, paglalampaso ng sahig at maging paghuhugas ng mga pinggan. Si Shun ay maituturing na isang batang matulungin.

*Sariling Katha : Sheryl A. Luces*

Ano ang maaaring pamagat ng talata? ________________________



Naibigay mo ba ang angkop na pamagat ng talata?

Ano-ano ang isinaalang alang mo upang maging angkop ang pamagat na iyong ibinigay?

## *Pagyamanin*

**Pagsasanay 1**

Basahing mabuti ang bawat talata. Piliin ang angkop na pamagat. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

*1.* Si Mang Kardo ay dating manggagawa sa aming tanggapan. Siya ay mabuting makisama, magalang, at higit sa lahat lubhang masunurin. Dahil sa kaniyang kabutihang loob napamahal siya sa lahat, kaya kahit ano na lamang ang iniaabot

sa kaniya ng mga empleyado. Nang nagretiro, siya ay binigyan ng parangal sa kaniyang matapat na paglilingkod.

A. Si Mang Kardo
B. Dating Manggagawa
C. Matapat na Paglilingkod
D. Manggagawa ng Tanggapan

2. Sina Jun at Rey ay magkaibigang tunay. Mula pagkabata, magkasama na sila kahit saan man pumunta. Sa oras ng kasiyahan maging sa kalungkutan ay palagi silang nagdadamayan. Anomang problema ang dumating sa kanilang pagkakaibigan ay nilulutas nila ito na magkasama.

A. Sina Jun at Rey
B. Magkaibigang Tunay
C. Palaging Magkasama
D. Laging Nagdadamayan

3. Ang aming tahanan ay maliit lamang. Gawa sa nipa ang bubong at sa kawayan naman ang sahig at dingding nito. Sinisigurado naming magkakapatid na malinis at maayos ito araw-araw. May maliit na bakuran na tinatamnan namin ng mga gulay at halaman.

A. Tahanang Maliit
B. Munting Tahanan
C. Ang Aming Tahanan
D. Malinis na Tahanan

4. Siya ay taong handang magsakripisyo kahit na ang sarili'y pagod na at gustong-gusto nang magpahinga. Ngunit dahil sa sinumpaang tungkulin ay pinipilit na labanan ang puyat, hirap at pagod. Siya rin ang nagsisilbing pangalawang magulang na nagtuturo sa kabataan. Huwarang guro na pinagmulan ng lahat na mga propesyonal. Kaya karapat-dapat lamang na ang mga guro ay ating mahalin at respetuhin.

A. Ang Guro
B. Dakilang Guro
C. Huwarang Guro
D. Mahalin ang Guro

5. Pinagtagpo at pinagsama-sama sa iisang klasrum ang magkaklase. Hindi man nagkakasundo-sundo sa unang araw ng pasukan ngunit sa paglipas ng panahon ay nagturingan nang kapamilya ang bawat isa. Tawanan, iyakan, tampuhan at asaran, lahat ng iyan ay pinagdaanan. Hanggang sa kailangan na maghiwa-hiwalay dahil

tapos na ang taong puno ng kasiyahan. Ngunit ang magandang samahan ay hindi kailan man mawawala sa kanilang mga isipan.

A. Ang Magkaklase
B. Magandang Samahan
C. Pinagtagpo sa Klasrum
D. Magkaklaseng Hindi Magkasundo

**Pagsasanay 2**

Bigyan ng angkop na pamagat ang mga talata. Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na pamagat at isulat sa sagutang papel.

1. Mahal na mahal ni Claudine ang kaniyang mga magulang. Tumutulong siya sa mga gawaing bahay kahit hindi inuutusan. Malimit siyang nagwawalis ng kanilang sahig maging sa kanilang bakuran. Pinatutuka rin niya ang mga manok at pinaliliguan ang alagang aso. Kung araw ng Sabado, sumasama siya sa kaniyang ina sa pamamalengke para may tagadala ng basket. Siya ay maituturing na isang huwarang anak.

2. Kulay kake ang alaga kong aso. Pogi ang pangalan nito. Pinakakain ko ito sa umaga at hapon. Hindi siya mahirap alagaan dahil marunong sumunod sa mga sinasabi ko. Pinapanatili ko itong malinis kaya pinaliliguan ko ito tuwing araw ng Sabado. Tulog ito kung umaga at gising na gising kung gabi dahil binabantayan kami nito.

3. Sila ang mga taong handa tayong mahalin at alagaan. Mga taong handang magsakripisyo upang mga anak ay lumaki nang maayos at may takot sa Panginoon. Sila ang nagpapasaya sa atin at sa kanila tayo humuhugot ng lakas ng loob sa tuwing tayo'y nawawalan na ng pag asa. Sila ang ating magulang na ibibigay ang lahat para sa ikabubuti ng kanilang mga anak.

4. Ito ay maituturing na pangalawang tahanan kung saan dito nadidiskubre at nalilinang ang kakayahan ng isang mag-aaral. Dito matatagpuan ang karunugan na hinuhubog ng mga guro na walang sawa sa pagtuturo. Ang paaralan ay daan para sa magandang kinabukasan.

5. Ang tunay na kaibigan ay laging maaasahan, masasandalan at hinding-hindi ka iiwan. Sa hirap, saya, at kakulitan ay laging makakasama. Sadyang masaya ang magkaroon ng isang tunay na kaibigan.

| |
|---|
| Ang Paaralan<br>Tunay na Kaibigan<br>Ang Ating Magulang<br>Isang Huwarang Anak<br>Ang Aking Alagang Aso<br>Isang Matandang Kaugalian |

**Pagsasanay 3**

Kopyahin ang talata sa sagutang papel. Salungguhitan ang paksang diwa at isulat nang wasto ang angkop na pamagat sa linyang nasa itaas.

________________________________________

Ang ating ina ang nag-aaruga at nag-aalaga sa atin mula sa sinapupunan hanggang sa ating paglaki. Sinisikap nilang ibigay ang lahat ng ating pangangailangan. Hindi nila iniinda ang puyat at pagod masigurado lamang na nasa mabuti tayong kalagayan. Ibinibigay nila ang lahat para sa ating magandang kinabukasan. Sa kanilang pagtanda, tayo naman sana ang maging gabay na kakalinga sa kanila.

*Sariling Katha: Sheryl A. Luces*



***Tala para sa Guro***

Iwawasto ng guro ang sagot ng mag-aaral.



## *Isaisip*



Sa **pagbibigay ng pamagat** ng isang talata, alamin mo muna ang paksang diwa o paksang pangungusap. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng pamagat. Ang pangunahing diwa ang pinakabuod ng mga pangyayari sa talata o kuwento. Ang paksang pangungusap ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng

## *Isagawa*

Basahin ang bawat talata, Piliin ang angkop na pamagat sa loob ng kahon at isulat nang wasto sa sagutang papel.

1. Sa panahon ngayon, marami na ang bumibili ng bisikleta. Ito ay ginagamit nila bilang alternatibo sa mga pampublikong sasakayan para makatipid sa gasolina. Ito ay isa rin sa mga libangan na kinagigiliwan ng mga kabataan at naging ehersisyo sa mga may edad na para mapalakas ang kanilang katawan.

2. Ang tunay na kayamanan ay nasa kalooban. Hindi sukatan ang panlabas na kagandahan na siyang akala ng pangkalahatan. Ang kabutihan ng loob ay may magandang maidudulot sa karamihan tulad ng pagkakaisa at pagmamahalan.

3. Mahal na mahal tayo ng ating magulang. Nagsasakripisyo sila upang tayo'y makapagtapos ng pag-aaral. Wala silang hinihingi na kapalit sa kanilang pagsasakripisyo para sa atin. Ang ikabubuti ng mga anak ang unang-una nilang iniisip na kahit kung minsan ay ikasasama na nila. Iyan ang pagmamahal ng mga magulang, walang katumbas at walang kapalit.


4. Ang paaralan ay maituturing nating pangalawang tahanan. Napapaunlad nito ang ating karunungan at kakayahan. Natuto tayong magbasa, magsulat at magbilang. Dito rin natin natutuhan ang pagiging makatao, maka-Diyos, makabansa at makakalikasan na hanggang paglaki natin ay hindi na maiwawaglit sa ating mga isipan.

5. Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging matatag. Maraming mahihirap na pangyayari na ang kanilang pinagdaanan katulad ng pagputok ng bulkan, bagyo, lindol at ngayon ay ang epidemya na dulot ng Covid19. Sa kabila ng kahirapan na dulot ng mga nabanggit na mga pangyayari ay nanatiling matatag at buo ang loob ng mga Pilipino sa pagharap nito at kailanman ay hindi sila sumuko. Ang pagiging matatag ng mga Pilipino ay bunga na rin ng kanilang pananalig sa Amang lumikha ng sanlibutan at naniniwala sila na ang lahat ng kanilang paghihirap na naranasan ay matatapos at malalampasan din nila.

| |
|---|
| Ang Bisikleta |
| Tunay na Kayamanan |
| Pangalawang Tahanan |
| Pagmamahal ng Magulang |
| Ang Pagiging Matatag ng mga Pilipino |



## *Tayahin*




**Pagsubok 1**

Basahin at unawain ang bawat talata. Piliin ang angkop na pamagat. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Isang umaga gumising si Pam na tuwang-tuwa dahil kaarawan niya subalit wala man lamang bumati sa kaniya kahit man lamang ang mga magulang at kapatid. Pagpasok niya sa paaralan ng araw ding iyon kahit ang kaniyang mga kaibigan na sina Ronneth, Laarni, Jeziel, Romilyn at Ayesha hindi man lamang naalala ang kaniyang kaarawan. Humagulhol siyang pumasok sa C.R para walang makakita. Pagkatapos ng klase napansin niyang nagmamadaling umuwi ang kaniyang mga kaibigan subalit di niya ito inalintana. Pagdating niya sa kanilang bahay laking gulat niya nang bumulaga sa pagbukas niya ng pintuan na sabay sabay na kumakanta ang kaniyang mga magulang, kapatid, kamag-anak at mga kaibigan. Muli na namang humagulhol si Pam sa sobrang kaligayahan.

   A. Ang Sorpresa
   B. Ang Kaarawan ni Pam
   C. Pagmamahal ng Magulang kay Pam
   D. Pagmamahal ng mga Kaibigan kay Pam

2. Sa paaralan natin natutuhan ang kaalaman at karunungan. Dito tayo hinuhubog ng ating mga guro na walang sawa sa pagtuturo. Dito rin natin nakikilala ang mga bagong kaibigan na matuturing din na kapatid kung minsan. Ang paaralan ay nagsisilbi nating pangalawang tahanan.

   A. Ang Paaralan
   B. Ang Kaalaman
   C. Ang Karunungan
   D. Ang mga kaibigan

3. Unang araw ng pasukan, masayang nagkukuwentuhan at nagkukumustahan ang mga mag-aaral. Habang nakaupo sila sa malaking punongkahoy, may napansin si Maricris sa may malaking ugat ng puno. Nilapitan niya ito at nakita niya ang isang daang piso na papel. Agad niya itong pinulot at patakbong pumunta sa kaniyang guro para ibigay ang napulot na pera.
   Agad naman nag-imbistiga si Bb. Carlos at natukoy naman ang may ari ng pera. Malaki ang pasasalamat kay Maricris ng may-ari. Binigyang papuri ng guro si Maricris dahil siya ay isang batang mapagkakatiwalaan na dapat pamarisan.

   A. Ang Batang Masayahin
   B. Ang Batang Masunurin
   C. Ang Batang Dapat Pamarisan
   D. Ang Batang Mapagkakatiwalaan

4. Sina Jenny at Bea ay matalik na magkaibigan. Mula pagkabata ay palagi na silang magkasama. Tahimik at mahiyain si Jenny. Masayahin at makulit naman si Bea. Kahit magkaiba ang kanilang pag-uugali ay nagkakasundo sila sa anomang bagay.

A. Ang Magkaibigan
B. Sina Jenny at Bea
C. Ang Magkababata
D. Ang Matalik na Magkaibigan

5. Sadyang marami ng pagbabago ang nangyayari sa buong mundo hatid ng COVID-19. Ito na marahil ang pinakamakasaysayang naganap na kinahaharap ng sandaigdigan. Maraming buhay ang nasawi at halos lubog na ang ekonomiya ng bawat bansa. Sa kabila ng lahat, matibay pa rin ang bawat isa at patuloy na umaasa na malagpasan ang pagsubok na ito. Kapit-bisig laban sa COVID-a9 at sa tulong ng Poong Maykapal, may pag-asang matatanaw.

A. Pagbabago sa Bansa
B. Ang Pinsala ng COVID-19
C. Pilipino Laban sa COVID-19
D. Pag-asa Laban sa COVID-19

**Pagsubok 2**

Basahin ang bawat talata. Piliin sa loob ng kahon ang angkop na pamagat ng bawat isa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga nakatira sa isang barangay ay hindi halos makahinga dahil sa masamang amoy na nalalanghap nila sa paligid. Ang mga bata maging matatanda ay inuubo at masama ang kanilang pakiramdam. Napag-alaman ng mga naninirahan doon na sa planta ng plastik nagmula ang masamang amoy. Ang polusyon ang naging dahilan ng pagkakasakit ng mga tao.

2. Hindi ko man siya nakikita, sigurado ako na siya ay laging nakatingin at nakasubaybay sa akin. Siya ang nagliligtas sa akin sa kapahamakan. Siya rin ay napakabuti at mahal na mahal niya ang maraming tao.

3. Ako ay isang bata na lumaki sa hirap. Pangarap ko na makapagtapos ng pag-aaral at matulungan ang aking pamilya. Handa kong gawin ang lahat maabot lamang ang minimithi kong pangarap.


4. Siya ang taong nagturo sa akin kung paano lumaban sa buhay. Siya ang nakapagpapangiti sa akin sa mga panahong napakalungkot ko. Iniidolo ko siya dahil sa kaniyang kagandahang loob. Magkaiba man kami ng mundo, patuloy ko pa rin

siyang mamahalin at hahangaan.

5. Ang aking lola ay mapagmahal, maaruga, at maaalahanin. Napakasaya ko sa tuwing magkasama kami. Ngunit bigla na lamang siyang lumisan, hindi ko man lang siya nakita sa huling pagkakataon. Napakalungkot ko sa paglisan ng aking lola.

| |
|---|
| Ang Polusyon |
| Ang Aking Idolo |
| Paglisan ni Lola |
| Munti kong Pangarap |
| Ang Aking Tagapagligtas |

## ***Karagdagang Gawain***




Panuto: Sumulat ng isang talata na binubuo ng limang pangungusap. Lagyan ito ng wastong pamagat.

________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________



***Tala para sa Guro***

Iwawasto ng guro ang sagot ng mag-aaral.

Nasagot mo ba nang tama ang mga tanong? Binabati kita dahil natapos mo ang lahat ng pagsubok sa ating paglalakbay.

Batid kong naging masaya ka sa ating paglalakbay kaya naman sa susunod mong pag-aaral, asahan mong ako ay iyong makakasama sa **Modyul 13: Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa Isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan**



## *Susi sa Pagwawasto*

| SURIIN | BALIKAN | SUBUKIN |
|---|---|---|
| Batang Matulungin | Maaaring iba't iba ang sagot ng mga mag-aaral | Gawain 1<br>1. C<br>2. D<br>3. D<br>4. D<br>5. B<br><br>Gawain 2<br>1. Si Louraine, Ang Ulirang Bata<br>2. Ang Kaarawan<br>3. Ang Flores De Mayo<br>4. Ang Alagang Aso ni Katrina<br>5. Matulunging Bata |

| ISAGAWA | PAGYAMANIN |
|---|---|
| 1. Ang Bisikleta<br>2. Tunay na Kayamanan<br>3. Pagmamahal ng Magulang<br>4. Pangalawang Tahanan<br>5. Ang Pagiging Matatag ng mga Pilipino | Pagsasanay 1<br>1. A<br>2. B<br>3. C<br>4. C<br>5. A<br><br>PAgsasanay 2<br>1. Isang Huwarang Anak<br>2. Ang Aking Alagang Aso<br>3. Ang Ating Magulang<br>4. Ang Paaralan<br>5. Tunay na Magkaibigan<br><br>Pagsasanay 3<br>Tala: Iwawasto ng Guro ang sagot ng mag-aaral. |

| | |
|---|---|
| 1. B<br>2. A<br>3. D<br>4. D<br>5. D<br><br>Pagsubok 2<br>1. Ang Polusyon<br>2. Ang Aking Tagapagligtas<br>3. Munti Kong Pangarap<br>4. Ang Aking Idolo<br>5. Paglisan ni Lola | |

le10

## *Sanggunian*


- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6PB-Ig-8, p. 222
- K to 12 Curriculum in Filipino 2016 F6PB-Ig-8, p. 120
- Sariling Katha



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph